

1-4 Pabahay ng munisipyo, takdang pampublikong paupahang bahay (市営住宅、特定公共賃貸住宅)
【Naghahanap ng manirahan】 (入居者募集)

Tumatanggap ng mga aplikante tuwing Mayo, Oktubre at Nobyembre taon-taon. Ang mga detalya ay inilalagay sa Koho Sakai.

Katanungan Ang pag-aaplay sa Mayo at Oktubre ay sa Sakai Municipal Housing Management Center
 ☎072-228-8225 FAX072-228-8223
 Ang pag-aaplay sa Nobyembre ay sa Housing Improvement Division
 ☎072-228-8113 FAX072-228-8034

Tungkol naman sa pabahay ng prepektura, tignan lamang ang pahina sa [III. Pamumuhay at Tirahan] ng Osaka Foundation of International Exchange.

1-5 Buwis ng lungsod (市税)

【Personal na buwis ng lungsod at prepektura (Municipal Inhabitants' Tax)】

(個人市・府民税 (住民税))

Ang mga taong nakatira sa loob ng bayan at mga taong may puwesto ng negosyo sa loob ng bayan ay magbayad lamang ng buwis taon-taon tuwing Enero 1.

- Karaniwang pag-kolekta: Ang mga taong may kita sa nakalipas na taon ay kailangang mag-file ng tax return hanggang Marso 15.
 Pagkatapos nito, padadalhan kayo ng pabatid sa babayaranang buwis kaya bayaran lamang ang buwis.

Katanungan Municipal Tax Division ng City Tax Office (Tawagan ang telepono sa inyong lugar.)

City Tax Office 1-3-1 Mozuakahata-cho, Kita-ku 591-8037		
Municipal Tax Division	Sakai-ku • Nishi-ku	☎072-231-9751 FAX072-251-5632
	Naka-ku • Minami-ku	☎072-231-9752 FAX072-251-5632
	Kita-ku • Higashi-ku • Mihara-ku	☎072-231-9753 FAX072-251-5632

- Di-pangkaraniwang pag-kolekta: Ibabawas buwan-buwan sa sahod ng kumikita ang buwis

2. Kapag ikakasal / kapag magdidiborsyo (結婚するとき/離婚するとき)

Tignan lamang ang pahina sa [IV. Residency Management System, Basic Resident Registration System, Kasal at Diborsiyong] ng Osaka Foundation of International Exchange.

3. Kapag nanganak at nagpapalaki ng bata (子どもを産んで育てるとき)

3-1 Kapag nabuntis (妊娠したら)

【Ang “Handbook sa Kalusugan ng Ina at Bata” at ang pad ng mga tiket sa pagpapatingin ng kalusugan】

(母子健康手帳と健診受診票つづり)

Pumunta sa Public Health Center (pahina 16 at 17) ng tinitirahang bayan at ipasa ang [Notipikasyon ng Pagbubuntis], at kunin ang “Handbook sa Kalusugan ng Ina at Bata” at ang pad ng mga tiket sa pagpapatingin ng kalusugan (sinasagot ng Lungsod ng Sakai ang gastos sa 14 na nakatakdang pagpapatingin ng kalusugan).

Dalhin lamang ito tuwing pumunta sa ospital o Public Health Center, at itatala rito ang kalagayan ng kalusugan ng ina at bata.

Ang “Handbook sa Kalusugan ng Ina at Bata” ay nasa 10 wika (Ingles, Koreano, Intsik, Espanyol, Portuges, Biyetnames, Thai, Tagalog, Indonesiya, Nepal).

【Klase para sa mga buntis】 (妊婦教室)

Isinasagawa ito sa Public Health Center.

Mapapakinggan ang payo ng dalubhasang tauhan kung ano ang gagawin habang buntis at para mapaghandaan ang panganganak, tungkol sa sanggol, sa nutrisyon at sa ngipin.

Maaari ring sumali ang mga ama.

Katanungan Public Health Center (pahina 16 at 17)